

Programang Restaurant Revitalization Funding

Gabay sa Programa mula ika-20 ng Abril, 2021

Talaan ng Mga Nilalaman

Programang Restaurant Revitalization Funding	1
Talaan ng Mga Nilalaman.....	2
Panimula	3
Pagiging Karapat-dapat.....	3
Mga karapat-dapat na Entidad	3
Good Faith Certification ng Aplikante	6
Pagkalkula sa Halaga ng Pagpopondo	7
Kalkulasyon 1 (Talaan 1 mula sa Aplikasyon): Mga Aplikante na nag-o-operate (nakakabenta) bago o noong Enero 1, 2019:	7
Ang mga Aplikanteng nagsimula ng mga operasyon (nakakabenta) nang partial sa kabuuan ng 2019.....	8
Kalkulasyon 2 (Talaan 2 mula sa Aplikasyon):.....	8
Kalkulasyon 3 (Talaan 3 mula sa Aplikasyon): Ang mga Aplikante na nagsimulang mag- operate (makabenta) sa o sa pagitan ng Enero 1, 2020 at Marso 10, 2021; at para sa mga Aplikante na hindi pa nagbubukas pero mula noong Marso 11, 2021, ay nagkaroon na ng mga karapat-dapat na gastos:	9
Mga Karapat-dapat na Paggamit ng Pondo	9
Timeframe para sa Paggamit ng Mga Pondo.....	11
Pag-validate sa Paggamit ng Mga Pondo.....	11
Paano Mag-apply	11
Mag-apply sa pamamagitan ng mga Restaurant Partner ng SBA.....	12
Mag-apply Nang Direkta sa SBA	13
Mag-apply sa Pamamagitan ng Telepono Direkta sa SBA.....	13
Pagtanggap ng Mga Pondo	13
Humingi ng Tulong sa Pag-file ng Aplikasyon sa Restaurant Revitalization	14
Impormasyon ng Aplikasyon.....	14
Mga Isinantabi	16
Priyoridad sa Paggawad ng Mga Pondo	16
Schedule ng Priyoridad sa Paggawad ng Mga Pondo.....	17
Mga Dokumentong Kailangan	17
Appendix: Mga Acronym At Abbreviation	19
Appendix: Mga Depinisyon.....	20

Panimula

Ang U.S. Small Business Administration (SBA) ay naggagawad ng pagpopondo sa pamamagitan ng Restaurant Revitalization Program sa mga restaurant, bar, at iba pang halintulad na lugar ng negosyo na naghahain ng pagkain o inumin. Layunin ng pagpopondo na ito na magbigay ng suporta sa mga karapat-dapat na entidad na dumanas ng pagkawala ng kinikita kaugnay ng pandemyang COVID-19.

Noong Marso 11, 2021, naging pampublikong batas ang American Rescue Plan Act (ARPA) ([P.L. 117-2](#)). Itinatag ng [Seksiyon 5003](#) ang Restaurant Revitalization Fund (Fund), at naglaan ng \$28.6 bilyon sa SBA para maggawad ng mga pondo. Mananatiling magagamit ang mga paglalaan na ito hanggang sa maubos. Patuloy na tatanggap ang SBA ng mga aplikasyon na sasailalim sa pagkahanda ng mga pondo.

Dapat gamitin ang pondo para sa [mga karapat-dapat na paggamit](#) nang hindi lalapas sa Marso 11, 2023.

I-access ang webpage ng SBA sa Restaurant Revitalization program [dito](#).

Marami pang impormasyon sa mga gabay pagkaraang magawaran ng pondo ang susunod sa gabay na ito.

Pagiging Karapat-dapat

Mga karapat-dapat na Entidad

Ang mga karapat-dapat na entidad ay mga negosyo na hindi permanenteng nagsara at kabilang ang mga negosyo kung saan nagtitipon ang publiko o mga parokyano para sa pangunahing layunin na mapaghainan ng pagkain o inumin kabilang ang:

- Mga restaurant
- Mga food stand, food truck, food cart
- Mga caterer
- Mga bar, saloon, lounge, tavern
- Lisensyadong pasilidad o pananahan ng isang producer ng inuming alkohol kung saan maaaring tikman, mag-sample o bumili ng mga produkto ang publiko
- Iba pang halintulad na negosyo kung saan nagtitipon ang publiko o mga tumatangkilik para sa pangunahing layunin na mahainan ng pagkain o inumin
- Mga snack at nonalcoholic na beverage bar
- *Mga bakery
- *Mga brewpub, tasting room, taproom
- *Mga brewery at/o microbrewery
- *Mga winery at distillery
- **Mga inn

* Mga bakery, brewpub, tasting room, taproom, brewery, microbrewery, winery at distillery:

Para maging karapat-dapat, dapat na magbigay ang mga negosyong ito ng mga dokumento kasama ng kanilang aplikasyon na ang [Mga Benta sa Site](#) sa publiko ay binubuo ng 33% man lang ng [na gross receipt](#) noong 2019. Para sa mga negosyo na nagbukas noong 2020 o hindi pa

nagbukas, dapat na isinaalang-alang ng orihinal na business model ng Aplikante ang 33% man lang na gross receipt sa mga mabebenta sa site sa publiko.

****Mga inn:** Para maging karapat-dapat, dapat na magbigay ang mga negosyong ito ng mga dokumento kasama ng kanilang aplikasyon na ang mga benta sa site ng pagkain at inumin sa publiko ay binubuo ng 33% man lang na gross receipt noong 2019. Para sa mga negosyo na nagbukas noong 2020 o hindi pa nagbukas, dapat na isinaalang-alang ng orihinal na business model ng Aplikante ang 33% man lang na gross receipt sa mga mabebenta na pagkain at inumin sa site sa publiko.

Paalala: Para mapunan ang hinihingi ng batas na “isang lugar ng negosyo kung saan nagtitipon ang publiko o mga patron para sa pangunahing layunin na mahainan ng pagkain o inumin,” dapat na mayroong 33% man lang na benta noong 2019 sa site sa publiko karapat-dapat na entidad. Para sa orihinal na business model sa negosyo ng Aplikante na nagbukas noong 2020 o hindi pa nagbukas, dapat na isinaalang-alang ng ang 33% man lang na gross receipt sa mga mabebenta sa site sa publiko. Ang mga entidad na hindi hinihingan ng karagdagang dokumento, gaya ng mga restaurant at bar, ay ipinapalagay na may benta sa site sa publiko na bumubuo sa 33% man lang ng mga gross receipt noong 2019. Dapat na magpatotoo ang lahat na aplikante sa aplikasyon sa sumusunod “Karapat-dapat ang Aplikante na makatanggap ng pagpopondo sa ilalim ng mga panuntunan na umiiral sa panahon na isinumite ang aplikasyon na ito.”

Kabilang sa mga karapat-dapat na entidad ang alinman sa mga entidad sa itaas na matatagpuan sa isang airport terminal o nag-o-operate nang hiwalay (hal. mayroong sariling tax identification number) sa loob ng isa pang negosyo (hal. isang restaurant na hiwalay na nag-o-operate sa loob ng isang hotel o conference center) o ito ay [Negosyong pag-aari ng tribo](#).

Kategorya	Karapat-dapat	Hindi Karapat-dapat
Anyo ng Organisasyon	<ul style="list-style-type: none"> • Mga C Corporation** • Mga S-Corporation** • Mga Partnership • Mga Limited Liability Company • Mga sole proprietor • Mga self-employed na indibidwal • Mga hiwalay na kontratista • Mga tribal na negosyo 	<ul style="list-style-type: none"> • Lahat ng iba pang anyo ng organisasyon
Tax Identification Number ng Negosyo	<ul style="list-style-type: none"> • Balido na EIN • Balido na SSN • Balido na ITIN 	<ul style="list-style-type: none"> • Paso na EIN • Paso na SSN • Paso na ITIN
Mga negosyo na pinatatakbo ng estado o ng lokal na pamahalaan	NA	<ul style="list-style-type: none"> • Anumang negosyo na pinatatakbo ng estado o ng lokal na pamahalaan

Status ng operasyon	<ul style="list-style-type: none"> Bukas Pansamantalang sarado Malapit nang magbukas, na may mga naipong gastos hanggang sa Marso 11, 2021 	<ul style="list-style-type: none"> Permanenteng nakasara
Bangkarote ang Status	<ul style="list-style-type: none"> hindi pa nag-file para sa pagkabangkarote Nag-o-operate sa ilalim ng aprubadong (kumpirmadong) plano ng muling pag-organisa sa ilalim ng Chapter 11, Chapter 12 o Chapter 13 na bankruptcy 	<ul style="list-style-type: none"> Permanenteng nakasara Nag-file ng Chapter 7 bankruptcy Nag-file ng Chapter 11, 12, 13 bankruptcy pero hindi nag-o-operate sa ilalim ng aprubadong (kumpirmadong) plano ng muling pag-organisa
Rehistro sa SAM.gov at DUNS number	<ul style="list-style-type: none"> Hindi kinakailangan 	N/A
Bilang ng mga lokasyon	<ul style="list-style-type: none"> Mula Marso 13, 2020, nagmamay-ari o nag-o-operate (kasama ng anumang kasosyong negosyo) ng 20 o mas kaunting mga lokasyon, anupaman ang pangalan o uri ng negosyo sa mga lokasyon na ito 	<ul style="list-style-type: none"> Mula Marso 13, 2020, nagmamay-ari o nag-o-operate (kasama ng anumang kasosyong negosyo) ng higit sa 20 mga lokasyon, anupaman ang pangalan o uri ng negosyo sa mga lokasyon na ito
Mga Aplikante ng Paycheck Protection Program	<ul style="list-style-type: none"> Hindi nag-apply para sa PPP Nakatanggap na ng PPP loan Mayroong nakabinbin na aplikasyon para sa isang PPP loan (tandaan: kapag nag-apply para sa pagpopondo ng Restaurant Revitalization, dapat na iurong ng Aplikante ang anumang di-tapos na aplikasyon sa PPP; na-verify ang Aplikante gamit ang EIN/ITIN/SSN) 	N/A
Mga Aplikante ng Mga Shuttered Venue	<ul style="list-style-type: none"> Hindi nag-apply Tinanggihan ang Shuttered Venues Operators Grant 	<ul style="list-style-type: none"> Nakatanggap ng Shuttered Venues Operators Grant Mayroong nakabinbin na aplikasyon para sa Shuttered Venue Operators Grant
EIDL, EIDL Advance, Targeted EIDL Advance	<ul style="list-style-type: none"> Hindi nag-apply Nakatanggap ang Aplikante ng Economic Injury Disaster Loan (EIDL), EIDL Advance, o Targeted EIDL Advance 	NA

Mga Non-profit na Organisasyon	NA	<ul style="list-style-type: none"> Lahat ng non-profit na organisasyon
Mga Publicly Traded na Kompanya	NA	<ul style="list-style-type: none"> Laha tng Publicly Traded na Kompanya
Mga Prangkisa	<ul style="list-style-type: none"> Kung nag-o-operate ang Aplikante sa bisa ng isang prangkisa o halintulad na kasunduan na nakasasapat sa paglalarawan ng Federal Trade Commission sa isang prangkisa sa 16 CFR 436. Dapat na nakalista ang prangkisa sa Franchise Directory* ng SBA na may franchise identifier code para matiyak na karapat-dapat ang prangkisa sa ilalim ng iba pang panukatan ng SBA sa pagkakarapat-dapat (hal., 13 CFR § 120.110) 	NA
Hiniling na Laki ng Pagpopondo	<ul style="list-style-type: none"> Mas malaki o katumbas ng \$1,000 ang hiniling na pondo 	<ul style="list-style-type: none"> Mga hiling na pondo na wala pang \$1000 Mga hiling na pondo na lagpas sa \$5 milyon sa kada lokasyon (hindi hihigit ng \$10,000,000 na kabuuan para sa Aplikante at anumang mga kasosyong negosyo)

**Mga prangkisa: Para sa mga tatak na hindi nakalista sa Directory (kabilang ang mga tatak na una nang tinanggihan na mailista sa Directory dahil sa mga problema sa sosyohan), dapat magsumite ang franchisor ng Franchise Disclosure Document (o iba pang kasunduan) at lahat ng iba pang dokumento na kailangang lagdaan ng isang franchisee sa franchise@sba.gov para marepaso ang iba pang panukatang ng SBA sa pagkakarapat-dapat (hal., [13 CFR § 120.110](#)).*

***Maaaring piliin ng mga B-Corporation ang S-Corporation o C-Corporation depende sa kung paano sila binubuwisan.*

Good Faith Certification ng Aplikante

Dapat na gumawa ang Aplikante ng sertipikasyon ng mabuting hangarin sa SBA Form 3172 na:

- Ang kasalukuyang kawalan ng katiyakan sa ekonomiya ay nagbigay ng pangangailangan para hilingin ang pagpopondo na ito para suportahan ang nagpapatuloy o inaasahang mga operasyon Aplikante.
- Walang nakabinbin na aplikasyon ang Aplikante para sa at hindi ito nakatanggap ng Shuttered Venue Operator Grant mula sa SBA.

Pagkalkula sa Halaga ng Pagpopondo

Maaaring magbigay ang SBA ng pondo na aabot sa \$5,000,000 sa kada lokasyon (hindi hihigit sa \$10,000,000 na kabuuan para sa Aplikante at anumang magkakasosyong negosyo) para sa mga Aplikante na nakasasapat sa mga rekisito sa pagkakarapat-dapat.

Ang minimum na halaga ng pondo ay magiging \$1,000; kaya, ang mga aplikasyon na humihiling ng mas mababa sa \$1,000 (net na hinihinging mga kaltas) na pondo ay hindi tatanggapin o aaprubahan. Halimbawa, kung may kalta sa si Aplikante X sa kinitang \$2,000 pero may PPP loan na \$1,500, hindi aaprubahan ang aplikasyon ng Aplikante para sa pagproseso at pagpopondo dahil ang nakalkulang net na pondo ay wala pang \$1,000.

Naniniwala ang SBA na ang anumang gawad na halagang wala pang \$1,000 ay magiging de minimis at sa gayon ay alinsunod ang minimum na hangganang ito sa mandato ng Kongreso na gamitin ng mga karapat-dapat na entidad ang mga pondo para “suportahan ang mga nagpapatuloy na operasyon.”, ARPA § (5003)(c)(2)(i)).

Para sa mga layunin ng pagkalkula sa halaga ng pondo, ang “in operation” ay nangangahulugan na araw na nagsimulang makabenta ang entidad. Hindi ito nangangahulugan na araw na nagrehistro ang Aplikante sa Secretary of State para magtatag ng legal na entidad ng Aplikante (halimbawa: kung binuo ng Aplikante ang LLC noong Agosto 15, 2015 pero hindi nakaunang benta sa isang customer hanggang Enero 1, 2016, ang petsa ng operasyon ng Aplikante ay Enero 1, 2016).

Dagdag pa, para sa mga entidad na nagsimulang mag-operate sa kabuuan ng 2019, maaari mong piliin (sa sarili mong kapasyahan) na gamitin ang alinman sa kalkulasyon 2 o kalkulasyon 3 mula sa mga kalkulasyon ng pondo sa ibaba.

Ang mga pagwawasto na kasunod ng pagsumite at pre-award funding ay mangangailangan ng muling pagbisita ng Aplikante sa application portal o tumawag sa support hotline para maisumite ng pagwawasto, bagong dokumento, at magsimula ng pag-restart ng timeline para sa pagrepaso at pagbabayad. Pakitandaan, kapag sinimulan ng isang Aplikante ang pag-restart, maaaring abutin ng hanggang 14 araw mula sa oras ng muling pagsumite para maisa-pinal ng SBA ang pagrepaso sa aplikasyon.

HINDI papayagan ng SBA ang mga pagwawasto sa mga gawad na naibigay na sa mga ginawaran.

Kalkulasyon 1 (Talaan 1 mula sa Aplikasyon): Mga Aplikante na nag-o-operate (nakakabenta) bago o noong Enero 1, 2019:

Hakbang 1: Magsimula sa [mga gross receipt](#) ayon sa inulat sa 2019 Federal tax return ng karapat-dapat na entidad.

Hakbang 2: I-subtract ang 2020 na mga gross receipt ayon sa inulat o iulat sa 2020 Federal tax return ng karapat-dapat na entidad o, kung nag-a-apply sa pamamagitan ng isang nakatalagang SBA point-of-sale na partner na restaurant, ang mga gross receipt na nakatala sa point-of-sale partner. Huwag isasama ang anumang halaga na natanggap mula sa anumang

Paycheck Protection Program (PPP) loan (First Draw na PPP Loan o Second Draw na PPP Loan), SBA Section 1112 na pagbabayad, o mula sa anumang SBA Economic Injury Disaster Loan (EIDL) loan, EIDL advance, Targeted EIDL Advance, Randolph-Sheppard Act Financial Relief and Restoration Payments (FRRP) Appropriation o anumang pang-estado o lokal na mga gawad sa maliliit na negosyo (sa pamamagitan ng CARES Act o iba pa).

Hakbang 3: I-subtract ang pinagsama-samang (mga) orihinal na halaga ng anumang PPP loan (First Draw na PPP Loan at Second Draw na PPP Loan) na natanggap, natanggap man noong 2020 o sa 2021. Huwag isama ang anumang halaga na binayaran mo sa o bago Mayo 18, 2020 alinsunod sa mga safe harbor rule ng PPP.

Hakbang 4: Kung ang kabuuan ay higit sa \$5 milyon sa kada [pisikal na lokasyon](#), ibaba ang halaga sa \$5 milyon kada pisikal na lokasyon. Ang halaga ng pondo mo, kasama ng [mga kasosyo](#) mo, ay hindi maaaring humigit sa \$10 milyon. Kung ang kabuuan ay wala pang \$1,000, hindi ka karapat-dapat.

Ang mga Aplikanteng nagsimula ng mga operasyon (nakakabenta) nang partial sa kabuuan ng 2019

Para sa mga entidad na nagsimulang mag-operate nang partial sa kabuuan ng 2019, maaari mong piliin (sa sarili mong kapasyahan) na gamitin ang alinman sa kalkulasyon 2 o kalkulasyon 3 mula sa mga kalkulasyon ng pondo sa ibaba.

Kalkulasyon 2 (Talaan 2 mula sa Aplikasyon):

Hakbang 1: Kalkulahin ang taunang 2019 na gross receipt mo:

- Hakbang 1(a): Magsimula sa [mga gross receipt](#) ayon sa inulat sa 2019 Federal tax return ng karapat-dapat na entidad.
- Hakbang 1(b): Kalkulahin ang 2019 average na buwanang gross receipt mo. Halimbawa, kung binuksan mo ang mga pinto mo noong Oktubre 15, 2019 (nag-operate nang 2.5 buwan) at ang kabuuan ng 2019 gross receipt mo ay \$25,000: I-divide ang \$25,000 sa 2.5 para sa 2019 na kalkulasyon ng average na buwanang gross receipt na \$10,000.
- Hakbang 1(c) I-multiply ang 2019 na average ng buwanang gross receipt (ang halaga na mula sa hakbang 1(b)) sa 12. Halimbawa, kung ang 2019 na average ng buwanang gross receipt mo ay \$10,000, i-multiply ang \$10,000 sa 12 para magresulta sa \$120,000.

Hakbang 2: I-subtract ang 2020 na mga gross receipt ayon sa inulat o iulat sa 2020 Federal tax return ng karapat-dapat na entidad o, kung nag-a-apply sa pamamagitan ng isang nakatalagang SBA point-of-sale na partner na restaurant, ang mga gross receipt na nakatala sa point-of-sale partner. Huwag isasama ang anumang halaga na natanggap mula sa anumang Paycheck Protection Program (PPP) loan (First Draw na PPP Loan o Second Draw na PPP Loan), SBA Section 1112 na pagbabayad, o mula sa anumang SBA Economic Injury Disaster Loan (EIDL) loan, EIDL advance, Targeted EIDL Advance, Randolph-Sheppard Act Financial Relief and Restoration Payments (FRRP) Appropriation o anumang pang-estado o lokal na mga gawad sa maliliit na negosyo (sa pamamagitan ng CARES Act o iba pa).

Hakbang 3: I-subtract ang pinagsama-samang (mga) orihinal na halaga ng anumang Paycheck Protection Program (PPP) loan (First Draw na PPP Loan at Second Draw na PPP Loan) na natanggap, natanggap man noong 2020 o sa 2021. Huwag isama ang anumang halaga na binayaran mo sa o bago Mayo 18, 2020 alinsunod sa mga safe harbor rule ng PPP.

Hakbang 4: Kung ang kabuuan ay higit sa \$5 milyon sa kada [pisikal na lokasyon](#), ibaba ang halaga sa \$5 milyon kada pisikal na lokasyon. Ang halaga ng pondo mo, kasama ng [mga kasosyo](#) mo, ay hindi maaaring humigit sa \$10 milyon. Kung ang kabuuan ay wala pang \$1,000, hindi ka karapat-dapat.

Kalkulasyon 3 (Talaan 3 mula sa Aplikasyon): Ang mga Aplikante na nagsimulang mag-operate (makabenta) sa o sa pagitan ng Enero 1, 2020 at Marso 10, 2021; at para sa mga Aplikante na hindi pa nagbubukas pero mula noong Marso 11, 2021, ay nagkaroon na ng mga karapat-dapat na gastos:

Hakbang 1: Magsimula sa kabuuang halaga na ginastos mo sa mga karapat-dapat na gastos na naipon sa o sa pagitan ng Pebrero 15, 2020 at Marso 11, 2021. Ang mga karapat-dapat na gastos ay may parehong kahulugan sa “[Mga Karapat-dapat na Paggamit sa Pondo](#),” sa ibaba.

Hakbang 2: I-subtract ang 2020 at 2021 (hanggang Marso 11, 2021) na [mga gross receipt](#) ayon sa inulat o iuulat sa Federal tax return ng karapat-dapat na entidad o, kung nag-a-apply sa pamamagitan ng isang nakatalagang SBA point-of-sale na restaurant na partner, ang mga gross receipt na nakatala sa point-of-sale partner. Huwag isasama ang anumang halaga na natanggap mula sa anumang Paycheck Protection Program (PPP) loan (First Draw na PPP Loan o Second Draw na PPP Loan), mga SBA Section 1112 na pagbabayad, o mula sa anumang SBA Economic Injury Disaster Loan (EIDL) loan, EIDL advance, Targeted EIDL Advance, Randolph-Sheppard Act Financial Relief and Restoration Payments (FRRP) Appropriation o anumang pang-estado o lokal na mga gawad sa maliliit na negosyo (sa pamamagitan ng CARES Act o iba pa).

Hakbang 3: I-subtract ang pinagsama-samang (mga) orihinal na halaga ng anumang Paycheck Protection Program (PPP) loan (First Draw na PPP Loan at Second Draw na PPP Loan) na natanggap, natanggap man noong 2020 o sa 2021. Huwag isama ang anumang halaga na binayaran mo sa o bago Mayo 18, 2020 alinsunod sa mga safe harbor rule ng PPP.

Hakbang 4: Kung ang kabuuan ay higit sa \$5 milyon sa kada [pisikal na lokasyon](#), ibaba ang halaga sa \$5 milyon kada pisikal na lokasyon. Ang halaga ng pondo mo, kasama ng [mga kasosyo](#) mo, ay hindi maaaring humigit sa \$10 milyon. Kung ang kabuuan ay wala pang \$1,000, hindi ka karapat-dapat.

Mga Karapat-dapat na Paggamit ng Pondo

Maaari mong gamitin ang mga pondo para sa mga sumusunod na gastos sa loob ng iyong [nasasaklaw na panahon](#):

1. Ang mga [gastos sa payroll](#) ng negosyo, kabilang ang sick leave at mga gastos na kaugnay ng pagpapatuloy sa health care, life, disability, vision, o mga benepisyong dental ng grupo sa mga panahon ng bayad na sick, medical, o family leave, at health care, life, disability, vision, o mga dental insurance premium ng grupo;
2. Mga pagbabayad sa anumang obligasyon sa mortgage ng negosyo (kapwa principal at interes; tandaan: hindi kabilang dito ang anumang pagbabayad ng principal sa isang obligasyon sa mortgage);
3. Mga pagbabayad sa renta ng negosyo, kabilang ang renta sa ilalim ng kasunduan sa lease (tandaan: hindi kabilang dito ang anumang pauang-bayad sa renta);
4. Serbisyo sa utang ng negosyo (kapwa sa principal at interes; tandaan: hindi kabilang dito ang anumang paunang-bayad ng principal o interes);
5. Mga pagbabayad ng negosyo para sa utility para sa distribusyon ng elektrisidad, gas, tubig, telepono, o access sa internet, o anumang iba pang utility na ginagamit sa karaniwang kurso ng negosyo kung saan ang serbisyo ay nagsimula bago Marso 11, 2021.
6. Mga gastos sa pagmamantini ng negosyo kabilang ang pagmamantini sa mga pader, sahig, mga papag na deck, muwebles, mga ilaw, at kagamitan;
7. Pagpapagawa sa panlabas na upuan;
8. Mga supply ng negosyo, kabilanga ng mga kagamitang pangkaligtasan at mga panlinis;
9. Mga gastos sa pagkain at inumin ng negosyo, kabilang ang mga raw material para sa beer, wine, o spirits;
10. Mga sinagot na gastos sa supplier, na isang gastusin na ginawa ng karapat-dapat na supplier ng mga kalakal para sa pagsupply ng kalakal na:
 - Importante sa mga operasyon ng entidad sa panahong isinagawa ang paggastos; at
 - Isinagawa alinsunod sa isang kontrata, order, o purchase order na may-bisa sa anumang oras bago natanggap ang mga pondo para sa Restaurant Revitalization; o
 - Pagdating sa mga nasisirang kalaakal, isang kontrata, order, o purchase order na may-bisa bago o sa anumang oras sa loob ng [nasasaklaw na panahon](#);
11. Mga gastos sa pagpapatakbo ng negosyo, na inilalarawan bilang mga gastos ng negosyo na natamo normal na mga operasyon ng negosyo na kinakailangan at sapilitan para sa negosyo (hal. renta, kagamitan, mga supply, imbentaryo, accounting, pagsasanay, legal, marketing, insurance, mga lisensya, mga bayarin). Hindi kabilang sa mga gastos sa pagpapatakbo ng negosyo ang mga gastos na nangyayari sa labas ng pang-araw-araw na aktibidad ng kompanya.

Paalala: Karapat-dapat ang mga gastos na lagpas na takdang petsa kung natamo ang mga ito simula sa Pebrero 15, 2020 at nagwawakas sa Marso 11, 2023.

Timeframe para sa Paggamit ng Mga Pondo

Dapat gamitin ng mga ginawaran ang lahat na pondo ng Restaurant Revitalization bago Marso 11, 2023 sa mga karapat-dapat na gastos simula Pebrero 15, 2020 at magwawakas sa Marso 11, 2023. Kung permanenteng magsara ang negosyo, magwawakas ang nasasaklaw na panahon kapag permanente nang nagsara ang negosyo o sa Marso 11, 2023, alinman ang mauna.

Ang mga ginawaran na hindi nagamit ang lahat na pondo ng Restaurant Revitalization sa mga karapat-dapat na gastos bago matapos ang nasasaklaw na panahon ay dapat ibalik ang anumang di-nagamit na pondo sa gobyerno (susunod sa gabay na ito ang gabay para sa pagkatapos ng paggawad).


Pag-validate sa Paggamit ng Mga Pondo

Lahat ng Aplikante ay mayroong hanggang Marso 11, 2023 para gamitin ang mga pondo. Hindi maaaring mas huli pa sa Disyembre 31, 2021 lahat ng Aplikante ay kinakailangang mag-ulat sa pamamagitan ng application portal kung magkano ang nagamit nila mula sa kani-kanilang mga gawad sa bawat kategorya ng nararapat na paggamit. Kung ganap na naubos ng Aplikante ang kaniyang pondo bago sumapit ang Disyembre 31, 2021, hihingin sa kanila na patotohanan sa application portal na nagamit ang mga pondo sa mga karapat-dapat na gastos. Lahat ng Aplikante na hindi naubos ang pondong iginawad bago sumapit ang Disyembre 31, 2021 ay kakailanganin na sumagot sa mga isusumiteng taunang ulat hanggang sa ganap na nilang maubos ang pondong iginawad o matapos ang panahon ng pagganap. Pinanghahawakan ng SBA ang karapatan na humingi ng karagdagang dokumento para mai-validate ang pagpapatotoo.

Paano Mag-apply

May tatlong paraan para mag-apply para sa Restaurant Revitalization fund.

1. Sa pamamagitan ng kilalang Restaurant Partner ng SBA
2. Sa pamamagitan ng direkta sa SBA sa restaurants.sba.gov
3. Sa pamamagitan ng telepono sa (844) 279-8898



Mag-apply sa pamamagitan ng mga Restaurant Partner ng SBA

Bumuo ang SBA ng mga partnership sa maraming kilalang kompanya ng teknolohiya na nagbibigay ng software, hardware at mga serbisyo sa pagbabayad sa industriya ng mga restaurant para makatulong sa pagtiyak sa malawak at pantay na distribusyon ng ayuda. Ang mga partner na ito ay tinatawag na mga Restaurant Partner ng SBA o mga Point-of-Sale (POS) Restaurant Partner ng SBA.

Kung kasalukuyan kang gumagamit ng isa sa mga Restaurant Partner ng SBA, makaka-apply ka para sa pagpopondo sa pamamagitan ng kanilang website o secure portal. Bumuo ang mga partner na ito ng mga kakayahan para gawing mas madali para sa mga aplikante na magkalkula, mag-validate, at magsumite ng mga aplikasyon sa SBA. Hinihimok ng SBA ang mga aplikante na gumagamit ng mga partner namin na mag-apply sa pamamagitan ng kanilang naka-customize na proseso – makatitipid ito ng oras sa paghahanda at pagproseso ng aplikasyon.

Ang bawat Restaurant Partner ay maaaring may mga kakaibang proseso o mga pangsuportang materyales na magagamit ng Aplikante. Aktibong nakikipagtulungan ang SBA para makadagdag ng karagdagang mga partnership sa mga susunod na linggo. Pakimanmanan ang sba.gov/restaurants para sa mga karagdagang update mula sa SBA sa mga opisyal na partner at kung inanunsiyo, bumisita sa website ng pinili mong partner para malaman ang marami pang impormasyon tungkol sa kakayahan nila na suportahan ka sa iyong pag-apply.

Mag-apply Nang Direkta sa SBA

1. Tipunin ang mga dokumento na nakabalangkas sa dokumentong ito
2. Kung may access ka sa internet at hindi mag-a-apply sa pamamagitan ng isa sa mga Restaurant Partner ng SBA, bumisita sa restaurants.sba.gov para ma-access ang application platform
3. Lumikha ng account
4. Sagutin ang kwestionaryo at mga pagpapatotoo ng aplikasyon
5. I-upload ang mga kinakailangang dokumento
6. Kapag natapos na ang aplikasyon, isang DocuSign package ang ipapadala sa email na inilagay sa application portal
7. Lagdaan agad ang DocuSign package upang masimulan na ang proseso ng pagrepaso ng SBA
8. Sisimulan ng SBA ang pagrepaso sa aplikasyon mo. Aabutin ang pagrepaso nang 14 araw para matapos at ma-validate ang mga dokumento. Maaaring tingnan ng mga Aplikante ang status ng kanilang aplikasyon sa application portal.
9. Magpapadala ng impormasyon sa desisyon sa aplikasyon o hihiling ng dagdag na mga dokumento sa email na kaugnay ng account ng Aplikante
10. Kung maaprubahan, awtomatikong idedeposito ang mga pondo sa bank account na ipinasok sa aplikasyon

Mag-apply sa Pamamagitan ng Telepono Direkta sa SBA

1. Tipunin ang mga dokumento na nakabalangkas sa dokumentong ito
2. Tumawag sa (844) 279-8898
3. Sagutin ang kwestionaryo ng aplikasyon at mga pagpapatotoo kasama ng suportang ahente
4. Napunan na aplikasyon at mga nilagdaang dokumento na ipinakoreo sa Aplikante
5. Dapat ipadala ng Aplikante sa koreo ang ganap na nilagdaan at naka-notaryong aplikasyon pabalik sa SBA (kasama sa ipinakoreong aplikasyon ang mga tagubilin sa address na papadalhan pabalik)
6. Sisimulan ng SBA ang pagrepaso sa aplikasyon mo. Aabutin ang pagrepaso nang 14 araw para matapos at ma-validate ang mga dokumento.
7. Magpapadala ng impormasyon sa desisyon sa aplikasyon o hihiling ng dagdag na mga dokumento sa email na kaugnay ng account ng Aplikante o ipapadala sa koreo kung walang magagamit na email
8. Kung maaprubahan, awtomatikong idedeposito ang mga pondo sa bank account na ipinasok sa aplikasyon

Pagtanggap ng Mga Pondo

Bilang bahagi ng Restaurant Revitalization Fund, direktang ibibigay ng SBA ang pera sa operating account ng Aplikante.

- Para sa proteksiyon mo, kakailanganin ng SBA na ilagay ang ibibigay ng pera sa commercial business account ng Aplikante. Mapapabilis ng paggamit sa automatic linking service ng SBA ang prosesong ito.

- Sa kaso ng mga sole proprietor na nag-o-operate nang walang commercial account, kakailanganin ng SBA ang pangsuportang dokumento na magpapakita na ginagamit ang account na ito para sa mga operasyon ng restaurant, at pag-aari ito ng sole proprietor. Hindi papayagan ng SBA na lagyan ng pondo ang mga account na limitado ang kasaysayan (wala pang 3 buwan) o walang kaugnayan sa Aplikante. Pagtitibayin ng SBA platform ang mga kontrol na ito bilang bahagi ng proseso ng aplikasyon mo.
- Ang kabiguan na sundin ang mga panuntunan na ito sa pagbabayad ay makakaantala sa pondo ng aplikante.

Humingi ng Tulong sa Pag-file ng Aplikasyon sa Restaurant Revitalization

Para makatulong sa pagsuporta sa mga Aplikante sa kabuuan ng proseso, mag-aalok ang SBA ng suporta sa pamamagitan ng isang call center hotline at network ng SBA ng mga District Office. Dagdag pa, ang mga Aplikante na nangangailangan ng tulong o limitado ang access sa digital na aplikasyon ay makaka-apply din sa pamamagitan ng telepono.

- Call center hotline (844-279-8898)
 - Matatawagan ng mga Aplikante ang numero na ito para sa aplikasyon na nasa maraming wika o suporta sa programa
- Mga District Office

Makalalapit ang mga Aplikante sa kani-kanilang mga lokal na District Office para sa makapasadyang suporta sa pangrehiyon na SBA. Para mahanap ang inyong lokal na District Office, bumisita sa www.sba.gov/local-assistance.

Impormasyon ng Aplikasyon

Aplikante: Ang Aplikante ay ang entidad na nag-a-apply para sa Restaurant Revitalization na pagpopondo.

Ang isang restaurant na may maraming lokasyon sa ilalim ng parehong EIN ay dapat na mag-apply para sa lahat ng lokasyon sa iisang aplikasyon. Hindi maaaring mag-apply ang mga Aplikante para sa ibang entidad gaya ng mga kasosyo o subsidiary.

Halimbawa 1: Nagmamay-ari ang ABC Company ng tatlong restaurant na may kani-kaniyang EIN at nagfi-file ang bawat isa ng sarili nilang Federal income tax return. Dapat na mag-file ng kani-kanilang hiwalay na aplikasyon para sa Restaurant Revitalization ang bawat restaurant ng ABC.

Halimbawa 2: Nagmamay-ari ang XYZ Company ng tatlong restaurant. Wala sa tatlong restaurant ang nag-o-operate nang hiwalay sa bisa ng sarili nitong EIN, at XYZ Company ang nagfi-file ng Federal income tax return kung saan kabilang ang mga gross receipt at gastos mula sa tatlong restaurant. Dapat mag-file ang XYZ Company ng isang aplikasyon na kasama ng pagpopondo para sa tatlong restaurant. Wala sa mga restaurant ang maaaring mag-file ng sarili nitong aplikasyon nang hiwalay sa XYZ Company.

Halimbawa 3: Nagmamay-ari ang HIJ Company ng tatlong restaurant gamit ang parehong EIN. Binuksan ng HIJ ang lokasyon 1 noong 2015, lokasyon 2 noong Hulyo 2019, at lokasyon 3 noong Hunyo 2020. Papayagan ng aplikasyon na kalkulahan ng HIJ Company ang posibleng halaga ng pond para sa bawat lokasyon gamit ang iba-ibang kalkulasyon at pagulungin ang halagang iyon hanggang sa kabuuang posibleng halaga ng pondo.

Tax Identification Number (TIN): Dapat magbigay ang Aplikante ng (TIN) para sa negosyo ng Aplikante at lahat ng may-ari ng equity na 20% o higit pa. Ang mga TIN ay maaaring mga Employer Identification Number, mga Social Security Number, o mga Individual Taxpayer Identification Number na itinalaga ng Internal Revenue Service. Ang kabuuang equity na inulat sa 20% o higit pang mga may-ari ay hindi kinakailangang magsuma ng 100% na lahat na nabanggit na equity, hangga't 20% o higit pa nito ay nakalista sa aplikasyon. Kung walang may-ari na mayroong 20% man lang na pag-aari sa Aplikante, dapat kang maglista ng sapat na bilang ng mga may-ari na ang pinagsama-samang equity ay kumakatawan sa 20% man lang ng pag-aari sa Aplikante.

Itinuturing na mga may-ari ng Aplikante ang lahat na partidong nakalista sa ibaba:

- Para sa isang sole proprietorship, ang nag-iisang pagmamay-ari;
- Para sa isang partnership, lahat ng general partner, at lahat ng limited partner
- Para sa isang korporasyon, lahat ng may-ari sa korporasyon;
- Para sa mga limited liability na kompanya, lahat ng miyembro na nagmamay-ari ng kompanya; at
- Sinumang Trustor (kung ang Aplikante ay pagmamay-ari ng isang trust). Kung ang aplikante ay isang sole proprietor na walang empleyado, dapat na mag-apply ang aplikante gamit ang Social Security Number (SSN) o Individual Taxpayer Identification Number (ITIN) ng may-ari na itinalaga ng IRS sa indibidwal o isang Employer Identification Number (EIN) ng entidad na itinalaga rito ng IRS. Lahat ng iba pang aplikante, kabilang ang mga sole proprietor na may mga empleyado, ay dapat na gamitin ang EIN ng entidad na itinalaga rito ng IRS. Kung ang isang sole proprietor na walang empleyado ay walang SSN, ITIN, o EIN, o kung walang EIN ang anumang iba pang entidad, hindi karapat-dapat ang aplikante. Paalala: [Hinihingi](#) ng IRS na lahat ng employer, kabilang ang mga self-employed na indibidwal na may mga empleyado, na magkaroon ng EIN. Sinasaad ng [website](#) ng IRS na maaari kang [mag-apply online](#) para sa isang EIN at “Ito ay libreng serbisyo na inaalok ng Internal Revenue Service at agad mong makukuha ang iyong EIN.”

Mga May-ari: Dapat ilista ng mga Aplikante ang lahat na may-ari ng 20% o higit pa ng negosyo sa aplikasyon. Dapat kasama sa paglista ng bawat may-ari ang Employer Identification Number (EIN), Social Security Number (SSN) o Individual Taxpayer Identification Number (ITIN) ng may-ari. Kung ang isang may-ari ng 20% o higit pa ng negosyo ay walang SSN o ITIN, hindi karapat-dapat ang negosyo.

Mga Isinantabi

Para matiyak na makatanggap ang pinakamaliliit na negosyo at mga komunidad na nasa laylayan ng lipunan ng mga gawad na pondo, nagtabi ang SBA ng mga pondo na magagamit lang ng ilang mga aplikante.

1. \$5 bilyon ang itinabi para sa mga Aplikante na may 2019 [na gross receipt](#) na hindi hihigit sa \$500,000.
2. Karagdagang \$4 bilyon ang itinabi para sa mga Aplikante na may 2019 [na gross receipt](#) mula \$500,001 hanggang \$1,500,000.
3. Karagdagang \$500 milyon ang itinabi para sa mga Aplikante na may 2019 [na gross receipt](#) na hindi hihigit sa \$50,000.

Prioridad sa Paggawad ng Mga Pondo

Gagawing prioridad ng SBA ang paggawad ng mga pondo sa maliliit na negosyo na 51 porsiyento man lang na pag-aari ng mga indibidwal na kababaihan, beterano, at/o mga indibidwal na dehado sa ekonomiya. Ang mga aplikante na nasa isa sa mga kategoryang ito na nag-o-operate sa ilalim ng aprubadong plano ng muling pag-organisa maging sa ilalim ng Chapter 11, 12, o Chapter 13 na bankruptcy at **walang** trustee na nagsasagawa ng araw-araw na pagkontrol ang karapat-dapat para sa pagpopondo sa ilalim ng programang ito.

Dapat na magsariling-patotoo ang mga Aplikante sa aplikasyon na nasasapatan nila ang mga rekisito sa pagkakarapat-dapat para sa isang [maliit na negosyo na pag-aari ng kababaihan](#), [maliit na negosyo na pag-aari ng mga beterano](#), o [maliit na negosyo na pag-aari ng mga indibidwal na dehado sa lipunan at ekonomiya](#) gaya ng inilarawan sa Appendix: Mga Depinisyon

Isasaalang-alang ng SBA ang isang aplikante na karapat-dapat para sa prioridad na gawaran ng pondo kung ang maliit na negosyo ay 51 porsiyento man lang na pag-aari ng isa o higit pang mga indibidwal na kababaihan, mga beterano, o mga indibidwal na dehado sa lipunan at ekonomiya at kung ang pamamahala at araw-araw na operasyon ng negosyo ng aplikante ay kontrolado ng isa o higit pang kababaihan, beterano, o indibidwal na dehado sa lipunan at ekonomiya.

Halimbawa: Ang isang aplikante ay may limang may-ari na ang bawat isa ay nagmamay-ari ng 20 porsiyento. Ang dalawa sa mga may-ari ay beterano at ang isang may-ari ay indibidwal na dehado sa lipunan at ekonomiya. Isasaalang-alang ng SBA ang aplikanteng ito na makasasapat sa rekisito na 51 porsiyento man lang ng aplikante ay pag-aari ng prioridad na grupo.

Kung nasasapatan ng isang indibidwal ang mga rekisito ng higit sa isang kategorya ng mga prioridad na grupo, minsan lang ibibilang ang indibidwal na iyon.

Halimbawa: Ang isang aplikante ay may limang may-ari na ang bawat isa ay nagmamay-ari ng 20 porsiyento. Ang isa sa mga may-ari ay babaeng beterano na dehado sa lipunan at ekonomiya; pero, wala sa nalalabing apat na may-ari ay babae, beterano, o indibidwal na dehado sa lipunan at ekonomiya. Hindi karapat-dapat ang aplikanteng ito na mag-file ng aplikasyon bilang aplikante ng prioridad na grupo. Gayunpaman, maaari pa rin mag-apply ang Aplikante na ito bilang isang Aplikante na hindi prioridad.

Schedule ng Priyoridad sa Paggawad ng Mga Pondo

Mga Araw 1 - 21: Tatanggap ang SBA ng mga aplikasyon mula sa lahat ng karapat-dapat na Aplikante. Sa loob ng panahong ito, ipamimigay lang ng SBA ang mga pondo sa mga aprubadong aplikasyon kung saan nagsariling-patotoo ang Aplikante na nasasapatan nito ang mga rekisito sa pagiging karapat-dapat para sa isang maliit na negosyong pag-aari ng mga kababaihan, mga beterano, o mga indibidwal na dehado sa lipunan at ekonomiya.

Mga Araw 22 – Wakas ng programa: Tatanggap ang SBA ng mga aplikasyon mula sa lahat ng karapat-dapat na aplikante at ipamimigay ang mga pondo sa pagkasunod-dunod na naapruba ng SBA ang mga aplikasyon.

Mga Dokumentong Kailangan

Ang mga Aplikante nag-o-operate bago pa o noong Enero 1, 2019, ay dapat na magbigay sa panahon ng pag-apply, ng mga dokumentong gross receipt para sa 2019 at 2020;

Ang mga Aplikante na nagsimulang mag-operate nang partial sa kabuuan ng 2019 at ginagamit ang kalkulasyon 2, ay dapat na magbigay sa panahon ng pag-apply, ng mga dokumentong gross receipt para sa 2019 at 2020. Ang mga Aplikante na nagsimulang mag-operate nang partial sa kabuuan ng 2019 at ginagamit ang kalkulasyon 3, ay dapat na magbigay sa panahon ng pag-apply, ng mga dokumentong gross receipt para sa 2020.

Ang mga aplikante na nagsimulang mag-operate sa o sa pagitan ng Enero 1, 2020 at nagwakas noong Marso 10, 2021 at mga Aplikante na hindi pa nagbubukas hanggang noong Marso 11, 2021, pero nagkaroon na ng mga karapat-dapat na gastusin, ay dapat na magbigay sa panahon ng pag-apply, ng mga dokumentong gross receipt at karapat-dapat na gastos para sa kahabaan ng panahon na nag-o-operate.

(1) Para sa lahat ng Aplikante, kailangan ang mga sumusunod na dokumento:

- Ang aplikasyon: SBA Form 3172, napunan, nilagyan ng inisyal, at nilagdaan. Mapupunan ang rekisitong ito sa pamamagitan ng pagsagot sa form nang digital sa SBA Platform.
- Pagberipika para sa Impormasyon sa Buwis: IRS Form 4506-T, napunan at nilagdaan ng Aplikante. Mapupunan ang rekisitong ito sa pamamagitan ng pagsagot sa form nang digital sa SBA Platform.
- Mga Dokumentong Gross Receipt: Alinman sa mga sumusunod na dokumento na nagpapakita ng mga gross receipt at, kung naaangkop, mga karapat-dapat na gastos:
 - Mga tax return ng negosyo (IRS Form 1120 o IRS Form 1120-S);
 - IRS Form 1040 Schedule C; IRS Form 1040 Schedule F;
 - Para sa isang partnership: IRS Form 1065 ng mga partnership (kasama ang mga K-1);
 - Mga bank statement;

- Mga financial statement na inihanda sa loob o labas gaya ng mga Income Statement o mga Profit and Loss Statement;
- (Mga) Point of sale report, kabilang ang IRS Form 1099-K.

(2) Para sa mga Aplikante na isang brewpub, tasting room, taproom, brewery, winery, distillery, o bakery: Bilang karagdagan sa mga dokumento sa (1) itaas, mga dokumentong nagpapatunay na ang benta sa site sa publiko ay binubuo ng 33% man lang ng mga gross receipt para sa 2019. Maaaring kabilang dito ang mga 2019 na Tax and Trade Bureau (TTB) Form na nai-file, mga pang-estado o lokal na pamahalaang form na nai-file, o mga panloob na ulat na nilikha mula sa pamamahala ng imbentaryo, pag-uulat sa benta, o accounting software.

(3) Para sa mga Aplikante na Inn: Bilang karagdagan sa mga dokumento sa (1) itaas, mga dokumentong nagpapatunay na ang benta ng pagkain at inumin sa publiko ay binubuo ng 33% man lang ng mga gross receipt para sa 2019. Maaaring kabilang sa mga ito ang mga panloob na ulat na nilikha o mga accounting report.

Appendix: Mga Acronym At Abbreviation

ARPA: American Rescue Plan Act

Fund: Restaurant Revitalization Fund

EIN: Employer Identification Numbers: [Impormasyon](#); [Mag-apply nang libre](#)

IRS: Internal Revenue Service

ITIN: Individual Taxpayer Identification Number

POS: Point-of-Sale Vendors, SBA's Restaurant Partners

SBA: U.S. Small Business Administration

SSN: Social Security Number

TIN: Tax Identification Number

Appendix: Mga Depinisyon

Kasosyo: May parehong depinisyon sa “Mga Kasosyong Negosyo”

Mga Kasosyong Negosyo: Ang isang Affiliated Business o kasosyo ay isang negosyo kung saan ang isang karapat-dapat na entidad ay may equity interest o distribusyon sa right to profit na hindi bababa sa 50 porsiyento, o kung saan ang isang karapat-dapat na entidad ay may nakakontratang awtoridad na kontrolin ang direksiyon ng negosyo, ito ay kung ang naturang sosyohan ay matutukoy na umiiral sa anumang areglamente o kasunduan noong Marso 13, 2020.

Nasasaklaw na Panahon: Ang panahong nagsisimula sa Pebrero 15, 2020 at nagwawakas sa Marso 11, 2023. Kung permanenteng magsara ang negosyo, magwawakas ang nasasaklaw na panahon kapag permanente nang nagsara ang negosyo o sa Marso 11, 2023, alinman ang mauna. Ang mga ginawaran na hindi nagamit ang lahat na pondong natanggap sa mga karapat-dapat na gastos sa pagsapit ng wakas ng nasasaklaw na panahon ay dapat ibalik ang anumang di-nagamit na pondo sa Treasury.

Mga gross receipt: Ang mga gross receipt ay lahat ng kinita na natanggap o naipon (alinsunod sa pamamaraan ng accounting ng entidad hal., accrual o cash) mula sa anumang mapagkukunan, kasama ang mula sa mga benta ng mga produkto o serbisyo, interes, dibidendo, renta, royalty, bayarin, o komisyon, na binawasan ng mga pagbalik at mga allowance pero hindi kasama ang mga net capital gains at loss. Taglay ng mga tuntunin na ito ang mga paglalarawan na ginamit at iniulat sa mga IRS tax return form.

Ang mga halagang kinakailangan para kalkulahin ang mga gross receipt ay paiba-iba ayon sa uri ng tax return:

- Para sa mga self-employed na indibidwal (IRS Form 1040 Schedule C): line 3 (Kung magfi-file ka ng maraming Schedule C form sa parehong Form 1040, dapat mong isuma ang lahat na ito)
- Para sa mga partnership (IRS Form 1065): line 1c
- Para sa mga S-Corporation (IRS Form 1120-S): line 1c
- Para sa mga C-Corporation (IRS Form 1120): line 1c
- Mga LLC: Gamitin ang isa sa itaas
- Mga B Corporation: Gamitin ang line 1c mula sa alinman sa IRS Form 1120 o 1120S

Kung kabilang sa mga gross revenue ng Aplikante ang alinman sa mga sumusunod, dapat na i-subtract ang halagang kaugnay ng sumusunod mula sa mga gross receipt:

- Paycheck Protection Program (PPP) loan (First Draw na PPP Loan o Second Draw na PPP Loan);
- Mga pagbabayad sa SBA Section 1112;
- Economic Injury Disaster Loan (EIDL) loan ng SBA, EIDL Advance, Targeted EIDL Advance;
- Anumang kaloob na pang-estado at lokal para sa maliit na negosyo (sa pamamagitan ng CARES Act o kundi ay);

- Mga buwis na kinolekta para sa at ini-remit sa isang awtoridad sa buwis kung kasama sa gross o total income, gaya ng mga benta o iba pang buwis na kinolekta mula sa mga customer (hindi kabilang dito ang mga buwis na naka-levy sa mga alalahanin o sa mga empleyado nito);
- Nalikom mula sa mga transaksyon sa pagitan ng isang alalahanin at ang mga domestic o banyagang kasosyo nito; at
- Mga halagang nakolekta para sa iba pa ng isang ahente sa paglalakbay, ahente ng real estate, ahente ng advertising, tagapagbigay ng serbisyo sa pamamahala ng conference, freight forwarder o customs broker.

Lahat ng iba pang item, gaya ng mga ginastos ng subcontractor, mga pagbabalik-bayad para sa mga binili ng isang kontratista na hiniling ng customer, kinita sa pamumuhunan, at mga gastos na batay sa empleyado tulad ng mga buwis sa payroll, ay hindi maaaring maibukod mula sa mga gross receipt.

Lokasyon: Pareho ng [pisikal na lokasyon](#) sa ibaba.

Mga Benta sa Site: Mga benta ng pagkain at/o inumin na kinonsumo sa tahanan ng Aplikante, binili sa tahanan ng Aplikante para ikonsumo sa ibang lugar, binili online at kinuha mula sa tahanan ng Aplikante o direktang inihatid sa mamaimili para gamitin. Ang mga benta na ito ay dapat na sa mga mamimili lang at walang wholesale na benta ang maibibilang sa 33% na bilang ng kinita.

Mga Gastos sa Payroll:

Kabilang sa mga gastos sa payroll ang:

- Kabayaran sa mga empleyado (na ang pangunahing lugar ng pananahan ay sa Estados Unidos) sa anyo ng mga sweldo, sahod, komisyon, o halintulad na kabayaran; mga cash na tip o katumbas (batay sa mga tala ng employer ng mga nakaraang tip o, sa kawalan ng naturang mga tala, isan gmakatuwiran, na mabuting hangarin na tantiya ng employer sa mga naturang tip);
- Kabayaran para sa vacation, parental, family, medical, o sick leave;
- Allowance para sa pagkakatangal o pagkakasisante;
- Kabayaran para sa probisyon ng mga benepisyo ng empleyado (kabilang ang mga insurance premium) na nagtataglay ng health care, group life, disability, vision, o dental insurance ng grupo, at mga benepisyo sa pagretiro;
- Pagbayad sa mga pang-estado at lokal na buwis na tinasa sa kabayaran ng mga empleyado; at
- Para sa isang hiwalay na kontratista o sole proprietor, mga sahod, komisyon, kinita, o mga net na kinita mula sa sariling pagtatrabaho, o halintulad na kabayaran.

Hindi kabilang sa mga gastos ng payroll ang:

- Mga kabayaran sa isang hiwalay na kontratista (bagaman maaaring karapat-dapat ang mga pagbabayad na ito sa ilalim ng isa pang kategorya ng mga karapat-dapat na paggamit ng pondo gaya ng gastos sa pagpapatakbo);

- Ang kabayaran ng sinumang may-ari o hiwalay na empleyado na hihigit sa \$100,000 sa taunang batayan, bilang prorated para sa panahon kung kailan isinagawa ang pagbabayad o naipon na ng obligasyon na magbayad;
- Mga pederal na buwis sa pagpapatrabaho na ipinataw o na-withhold sa loob ng nalalapat na panahon, kabilang ang bahagi ng empleyado at employer sa FICA (Federal Insurance Contributions Act) at mga buwis para sa Railroad Retirement Act, at mga income tax na kinakailangang i-withhold mula sa mga empleyado;
- Mga kwalipikadong sahod (inilarawan bilang mga sahod na binayaran ng (a) mga employer na may higit sa 100 na full-time na empleyado na nag-o-operate noong 2020 pero kinailangan na bahagyang o ganap na isuspindi ang mga aktibidad sa alinmang quarter dahil sa mga inilapat na pagbabawal sa COVID-19 ng naaangkop na awtoridad ng pamahalaan; o (b) mga employer na may 100 o mas kaunti pang full-time na empleyado na nag-o-operate noong 2020 pero kinailangan na bahagya o ganap na isuspindi ang mga aktibidad sa alinamang quarter dahil sa mga inilapat na pagbabawal sa COVID-19 ng mga naaangko na awtoridad ng pamahalaan, o mga sahod na binayaran ng naturang employer sa loob ng unang quarter simula sa pagtapos ng Disyembre 31, 2019 kung saan ang mga gross receipt ay mas mababa sa 50% ng mga gross receipt para sa parehong quarter ng kalendaryo ng naunang taon at nagwawakas sa quarter ng kalendaryo kasunod ng quarter na nagsimula pagkatapos ng quarter ng kalendaryo na naunang nagkaroon ng mga gross receipt na mas mababa sa 50% ng mga gross receipt mula sa quarter ng kalendaryo ng naunang taon at kasunod noon ay hagkaroon ng mga gross receipt na naging mas malaki kaysa 80% ng mga gross receipt para sa parehong quarter ng kalendaryo ng naunang taon) na isinaalang-alang sa pagtukoy sa pinapayagang credit sa ilalim ng seksiyon 2301; at
- Mga premium na kaugnay ng patuloy na proteksiyon nga COBRA (ayon sa seksiyon 6432 ng Internal Revenue Code of 1986) isinaalang-alang sa pagtukoy sa pinapayagang credit.

Pisikal na Lokasyon: (“Lokasyon” din) Ang bawat lugar kung saan-saan nagsasagawa ng pagbebenta ang Aplikante mula sa isang permanenteng istraktura. Kung nagsasagawa ng pagbebenta ang Aplikante mula sa maraming permanenteng lokasyon, ang bawat address ay isang hiwalay na lokasyon. Para sa isang caterer o isang negosyo na may maraming food stand, truck, o cart, ang pisikal na lokasyon ay kung saan naka-headquarter ang negosyo (hal., isang negosyo na may isang permanenteng istraktura at limang food truck ay magkakaroon ng iisang lokasyon; ang isang caterer ay may isang lokasyon).

Publicly-Traded na Kompanya: Ang entidad na pag-aari ng majority o kontrolado ng isang entidad na nag-issue, ang mga security nito na nakalista sa isang pambansang palitan ng seguridad sa ilalim ng seksiyon 6 ng Securities Exchange Act of 1934 ([15 U.S.C. 78f](#)).

Maliit na negosyo na pag-aari ng mga beterano: ([15 USC 632\(q\)\(3\)](#))

Isang negosyo (isang entidad na negosyo na inorganisa para kumita ng tubo, na may lugar ng negosyo na matatagpuan sa Estados Unidos, at pangunahing nag-o-operate sa Estados Unidos) at itinuturing na maliit alinsunod sa mga pamantayan ng SBA sa laki sa [13 CFR § 121.201](#); at

- Ang 51 porsiyento man lang ay pag-aari ng isa o higit pang [mga beterano](#); at
- Ang pamamahala at araw-araw na operasyon ay kontrolado ng isa o higit pang mga beterano.

Maliit na negosyo na pag-aari at kontrolado ng kababaihan: ([15 USC 632\(n\)](#))

Isang negosyo (isang entidad na negosyo na inorganisa para kumita ng tubo, na may lugar ng negosyo na matatagpuan sa Estados Unidos, at pangunahing nag-o-operate sa Estados Unidos) at itinuturing na maliit alinsunod sa mga pamantayan ng SBA sa laki sa [13 CFR § 121.201](#); at

- Ang 51 porsiyento nito ay pag-aari ng isa o higit pang kababaihan; at
- Ang pamamahala at araw-araw na operasyon ay kontrolado ng isa o higit pang kababaihan.

Maliit na negosyo na pag-aari at kontrolado ng mga indibidwal na dehado sa lipunan at ekonomiya:

Ang mga indibidwal na dehado lipunan ([13 CFR § 124.103](#)) ay ang mga sumailalim sa pagtatangi-tangi ng lahi o etnisidad o bias sa kultura dahil sa pagkakakilanlan nila bilang miyembro ng isang grupo nang hindi isinasaalang-alang ang indibidwal nilang mga katangian. Ang mga indibidwal na miyembro ng mga sumusunod na grupo ay ipinapalagay na dehado sa lipunan: Mga Black American; Hispanic American; Native American (kabilang ang mga Alaska Native at Native Hawaiian); mga Asian Pacific American; o Subcontinent Asian American.

Ang mga indibidwal na dehado sa ekonomiya ([13 CFR § 124.104](#)) ay ang mga indibidwal na dehado sa lipunan na ang kakayahang lumahok sa sistema ng malayang kalakal ay mahina dahil sa pinaliit na kapital at oportunidad sa kredito kung ihahambing sa iba sa parehong area ng negosyo na hindi dehado sa lipunan.

Alalahanin na Pag-aari ng Tribo: Anumang alalahanin na 51 porsiyento man lang na pag-aari ng isang Tribong Indian. Ang tribong Indian ay inilalarawan bilang anumang Indian na tribo, band, nation, o iba pang organisadong grupo o komunidad ng mga Indian, kabilang ang anumang ANC, na kinikilala bilang karapat-dapat para sa mga espesyal na programa at serbisyo na hatid ng Estados Unidos sa mga Indian dahil sa katayuan ng mga ito bilang mga Indian, o kinikilalang ganito ng Estado kung saan nananahan ang tribo, band, nation, grupo, o komunidad. [13 CFR § 124.3](#)

Beterano: Ang isang tao na naglingkod sa aktibong militar, naval, o air service, at na-discharge o na-release sa mga dahalang maliban sa dishonorable. [Titulo 38](#), seksiyon 101(2).